Journal of Literature Educators
Association of the Philippines, Inc.
CREATIVE WORK

# Poetry

Francisco Arias Monteseña
Angono Tres Siete Poetry Society, Angono, Rizal, Philippines

## Ang Batang Nag-uulam ng Toyo

Katulad ng isang batang ulam ay toyo
sa tuwing recess sa eskuwela, hindi ba
at maraming tulad niyang inaadobo
sa isip ang hindi kayang malasahan?
Ngunit gatong ang pangarap
sa paghahanap ng lasa ng buhay
na hindi inaalat sa lakas ng loob
na lumaban sa hirap. Dahil ano
ang tunay na sandata ng isang bata
kung hindi ang mangarap basta't
hindi kayang toyohin ng ismid
at husga ang wisyo ng mulat
sa katotohanang walang mag-aangat
sa kaniya sa hirap kung hindi
ang sarili kahit magdildil
sa araw-araw ng toyo,
huwag lang magutom sa pangarap
na hindi idinadaan sa paghiling
sa bituin na hindi naihahain.
Sa batang nag-uulam ng toyo,
Inaadobo na ang iyong magandang bukas.

## Ang Binatang Umiibig sa Matandang Babae

Nais kong maniwalang tumatanda
Ang katawan, hindi ang puso.
Laging sariwa sa daloy ng dugo
Na bumubuhay sa mga ugat
At nagpapakulay sa pisngi
Ng daigdig, at ng mga nilikha
Sa kaniyang kalinga.
Hindi ko huhusgahan ang binata
Na nag-aalay hindi lamang
Pumpon ng mga bulaklak
Sa babaeng triple sa kaniyang edad.
Tunay nga ang sabi, na hinahanap
Ng isang lalake ang larawan
Ng kaniyang ina sa babaeng mamahalin.
Hindi ba't kahanga-hanga
Na ipagbanduhan sa lahat
Ang kaniyang damdamin sa iisa
At tanging niluluhog?
Nangangahulugang tao siyang
Maituturing na hindi magmamahal
Ng may kasabay dahil iisa ang puso.


Corresponding Author: kiko.montesena@gmail.com

Kung lima sa mga bulate’t higit pa
Ang sa pugita, mauunawa ko pa
Ang maramihan nilang pagtatangi
Dahil sila ay hayop. Ngunit sa binata
Na pinili ang babaeng matanda,
Tinatalo niya ang lahat ng biro
At pagtatawa. Nilalagpasan
Ang husga ng lipunang itinatakda
Sa babaw ng pagkilala sa pag-ibig.
Dahil hindi nila maarok ang hiwaga
Ng pusong nagmamahal.